



**PAG-AARAL SA TOXIC  
INTERNASYUNAL NA  
DISTRITO NG CHINATOWN**

**ULAT NG KOMUNIDAD**

---



## PANGKALAHATANG-IDEYA


Ang Puget Sound Clean Air Agency (Ang Ahensya) ay nag-i-invest sa Chinatown-International District (CID) bilang isang nakatuon na komunidad batay sa kumbinasyon ng pinagmumulan ng polusyon ng hangin, mga epekto sa kalusugan, at mga demograpikong kadahilanan. Nauunawaan namin na napabayaan ang komunidad na humanap ng solusyon sa mga problema sa kalidad ng hangin. Bilang isang nakatuon na komunidad, ang Ahensya ay nakikipagtulungan sa komunidad upang lumikha ng kamalayan para sa kalidad ng hangin at maunawaan ang mga pangangailangan at alalahanin ng komunidad sa polusyon sa hangin.

Nakakakuha ng pondo ang Ahensya mula sa US Environmental Protection Agency (EPA) upang pag-aralan ang mga toxic sa polusyon sa hangin sa CID, na nagbibigay sa amin ng impormasyon tungkol sa pangkalahatang panganib ng kanser. Noong 2017, nagsagawa ang Ahensya ng buong taong pagmomonitor sa lason sa hangin. Kasama sa sampling ang mahigit sa 100 kilalang mga toxic sa hangin, kabilang ang mga kilalang mataas ang potensyal na panganib sa kalusugan.

## COMMUNITY-LED NA SAMPLING

Sa buong 2017, ang Ahensya ay nakipagtulungan kasama ang maraming mga grupo ng komunidad at lokal na lider bago at sa panahon ng pagsubaybay. Nakilahok kami sa maraming mga kaganapan sa pag-outreach at nagtrabaho sa isang lokal na pahayagan, isang samahan sa pagpapaunlad ng komunidad, isang grupong pangkalusugan ng komunidad, isang pamumuno ng kabataan at programa sa edukasyon, at iba't ibang mga pangkat ng komunidad. Sa pamamagitan ng mga pakikipag-ugnayan at isang survey sa web, ang Ahensya ay tumanggap ng feedback sa mga alalahanin sa hangin ng komunidad at kung saan nais nilang subukan namin ang kalidad ng hangin.

Ang mapa sa ibaba ay nagpapakita ng mga lokasyon ng sampling at mga monitoring site.



Mga lokasyon ng sampling na itinuro ng komunidad



Iba pang lokasyon ng monitoring



## MGA MAHALAGANG NATUKLASAN

Nagawa naming masukat ang mahigit sa 100 mga toxic sa hangin sa komunidad. Nakita namin ang 14 na mahigit sa isang milyon ang potensyal na panganib sa kanser. Ang mga toxic na ito at kanilang concentrations ay katulad sa ibang mga site sa buong county, at pare-pareho ang antas ng toxic sa hangin tulad ng dati sa Seattle at Tacoma.

Ang pinaka-potensyal na panganib sa kanser ay nagmumula sa mga particle ng diesel, na pare-pareho katulad ng mga nakaraang pag-aaral. Sa malapit sa daan na monitoring site sa 10th Avenue S at S Weller Street, mahigit sa 75% ng potensyal na mga panganib sa kanser ay mula sa particle na bagay ng diesel. Ang pinaka-pinanggagalingan ay 1-5 at 1-90 kung saan bumibiyaha ang mga trak, kung saan sila ang pinakamalaking nagbubuga ng pinong mga piraso, itim na carbon, nitrogen oxides, at saklaw na mga toxic. Sa 10th Avenue at Weller St. monitoring site, ang kabuuang potensyal na panganib sa kanser ay nagmumula sa particle na bagay ng diesel ay tinatayang 400 kada milyong tao.

Ang iba pang mga pinanggagalingan ng polusyon ayon sa pag-aaral ay kabilang ang mga usok galing sa restawran, usok mula sa dry cleaner, at usok mula sa kahoy. Sa kasalukuyan ay natutugunan ng Internasyunal na Distrito ng Chinatown ang lahat ng mga pamantayan sa kalidad ng hangin. Kung ikukumpara sa Washington Ecology's Beacon Hill National Air Toxics Trends Station at sa nakalipas na 2001 at 2009 pangrehiyong pag-aaral sa toxic sa hangin, ang mga resulta sa pag-aaral na ito ay nagkukumpirma na ang halos lahat ng mga antas ng toxic sa hangin ay patuloy na bumubuti.

### Mga Pinagmumulan ng Polusyon




Diesel



Industriya



Usok mula sa Kahoy




Mga resulta mula sa 10th & Weller monitoring site.

\* Mahalaga na tandaan na ang screening ay isinagawa sa loob ng isang taon kaya hindi ito kumakatawan sa buong pagkakalantad.

## MGA MAHALAGANG NATUKLASAN

Ang graph sa ibaba ay nagpapakita ng nangungunang limang toxic ng hangin, na walang diesel exhaust na kasama, na sinusubaybayan sa ika-10 at Weller site at katamtaman ang potensyal na panganib ng kanser sa bawat milyong tao.



## MGA SOLUSYON + AKSYON

Bilang tugon sa mga natuklasan ng pag-aaral na ito, magpapatuloy kaming makipagtulungan sa komunidad upang mapababa ang mga pagbuga at malimitahan ang pagkakalantad at epekto. Ang mga susunod na hakbang para sa pagbawas ng mga pagbuga at pagkalantad ay upang gumana sa komunidad, talakayin ang mga potensyal na pagkilos at estratehiya, at bumuo ng isang landas pasulong.

### Anong Magagawa Ng Indibidwal Ngayon Upang Limitahan Ang Kanilang Pagkalantad:

- Kung posible, limitahan ang oras na ginugugol malapit sa mga highway kapag sobrang trapaik, tulad kapag umaga at hapon na oras ng pasukan at uwian.
- Paikutin ang hangin sa iyong sasakyan kapag nagmamaneho.
- Palaging buksan ang bintana upang mapigilan ang pagkakaroon ng amag at iba pang panloob na mga polusyon sa hangin, atbp. (maliban kung hindi maganda o malusog ang kalidad ng hangin sa labas)
- Repasuhin ang mga pagtataya ng kalidad ng hangin bago gawin ang mga aktibidad na panlabas.
  - o Patuloy na mag ehersiyu sa labas kung maganda ang kalidad ng hangin sa labas, lalo na sa gabi kapag hindi na masyadong matrapik.

## MGA SOLUSYON + AKSYON

- Suportahan ang mga patakaran sa malinis na transportasyon kabilang ang mga mas malinis na sasakyan at sistemang pang-transportasyon.
- Gumammit ng alternatibong opsyon ng transportasyon kung maaari (hal. paglalakad, pagbibisikleta, bus, carpool, mga de-kuryenteng sasakyan).
- Bawasan ang pangkalahatang epekto sa polusyon sa hangin:
  - o Limitahan ang pagkakatamad sa second-hand smoke, at sa iba pang mga pinanggagalingan ng usok (insenso, kandila, mga nakahintong truck at bus, atbp.),
  - o Siguraduhin din na malinis ang hangin sa loob ng bahay,
  - o Ikonsiderang bumili o gumawa ng panloob na filter sa hangin, at palitan ang mga filter kung kinakailangan. Para sa higit pang impormasyon sa paggawa ng sarili mong filter sa hangin, bisitahin ang website ng Ahensya sa [www.pscleanair.org/filterfan](http://www.pscleanair.org/filterfan)

### **Anong Magagawa Natin para Mabawasan ang Potensyal na Panganib sa Kanser mula sa Mga Toxic sa Hangin:**

#### **Solusyon sa Diesel:**

Tumulong ang Ahensya na i-retrofit ang ilang mga makina na diesel na bumibiyahe sa Pier ng Seattle. Ang layunin ay upang palitan ang mas matanda, maruruming mga makina at palitan ang mga ito ng mas malinis, mas mahusay na mga teknolohiya.

#### **Mga Kotse at Truck:**

Sa pamamagitan ng Western Washington Clean Cities Coalition, tinutulungan ng Ahensya ang pampubliko at pribadong mga fleet ng sasakyan na gumagamit ng malinis at mas napapanatiling transportasyon; tulad ng pagtaas ng paggamit ng mga sasakyang de kuryente at mga alternatibong gatong.

#### **Filter-fans:**

Ang Ahensya ay nakipag-partner sa mga organisasyon ng komunidad at mga grupo ng pamumuno ng mag-aaral upang turuan ang mga tao kung paano magtayo ng kanilang sariling mga mababang-hangin na mga filter na tumutulong sa paglinis sa panloob na hangin.

**MANGYARING  
TAWAGAN KAMI  
PARA SA MGA  
KATANUNGAN,  
ALALAHANIN, AT  
MUNGKAHI.**

[ej@pscleanair.org](mailto:ej@pscleanair.org)







Puget Sound Clean Air Agency  
1904 Third Avenue, Ste 105  
Seattle, WA 98101  
[www.pscleanair.org](http://www.pscleanair.org)

Puget Sound Clean Air Agency